Mga Hakbang Sa Pagmamay-ari ng Tirahan na may Tulong sa Paunang Bayad

Ang pagbili ng tirahan ay isang malaking desisyon sa buhay. Interesado ka ba sa pag-apply para sa tulong sa down payment (paunang bayad) gamit ang isa sa mga programa ng Housing Trust Silicon Valley?

Ang mga hakbang sa ibaba ay gagabay sa mga bibili ng tirahan sa pag-a-apply para sa tulong sa down payment at tungo sa pagmamay-ari ng tirahan.

Hakbang 1. Kumpletuhin ang Online Intake Form para sa Tulong sa Pagmamay-ari ng Tirahan. Makikipag-ugnay sa iyo ang tauhan ng Housing Trust sa loob ng 3 araw (kung kailan bukas ang tanggapan) upang simulan ang paunang proseso para maging kuwalipikado. Ito ay HINDI isang aplikasyon; ito ay para lamang sa paunang hakbang bago maging kuwalipikado at hindi ka inilalagay sa anumang listahan ng naghihintay.

Hakbang 2. Pag-aralan ang email na mula sa aming Homebuyer Education Specialist (Espesyalista sa Pagbibigay ng Edukasyon sa Bibili ng Tirahan) na nagbabalangkas ng iyong mga susunod na hakbang tungo sa pagmamay-ari ng tirahan.

Ang isang bibiling Handang Bumili ay nangangahulugang isang bibili ng tirahan na:

- Dumalo sa 8-Oras na klase sa Edukasyon para sa Bibili ng Tirahan;
- Ay karapat-dapat batay sa kinikita kabilang ang pagkakaroon ng kinakailangang kita upang mapangasiwaan ang panibagong kabayaran para sa tirahan.
- Mayroong kinakailangang down payment (pinakamababang 3%) at mga closing cost (mga iba pang gastos upang makumpleto ang pagbili)

Kung sa tingin mo ay nagsisimula ka pa lamang sa iyong paglalakbay tungo sa pagmamay-ari ng tirahan, sundin ang mga hakbang sa ibaba:

Hakbang 3. Dumalo sa iniaatas na 8-Oras na Klase sa Edukasyon para sa Bibili ng Tirahan na Sertipikado ng HUD sa pamamagitan ng itinalagang ahensya. Tinutulungan ang klaseng ito ng mga bibili ng tirahan na maunawaan ang mga hakbang sa pagbili ng tirahan.

- Ang lahat ng humihiram (kabilang ang hindi humihiram na asawa) ay inaatasang dumalo sa klaseng ito.
- Upang magparehistro para sa klase, bisitahin ang website ng Project Sentinel sa www.housing.org/first-time-homebuyer-education o tumawag sa (408) 470-3730. **Kasalukuyang madadaluhan ang mga klase online.** Mayroon ding online na klase sa Espanyol. Mahahanap mo ang mga detalye sa kung paano kunin ang klase sa kanilang website o tumawag sa (408) 470-3730.

Nakadalo na sa klase sa Edukasyon para sa Bibili ng Tirahan at nakumpleto na ang online intake form?

- Ilakip ang mga kopyang naka-PDF ng iyong Sertipiko ng Pagkumpleto at ipadala ito sa homebuyer@housingtrustsv.org.
- Mahalagang tandaan: Ang iyong mga sertipiko ng Edukasyon para sa Bibili ng Tirahan ay mag-e-expire sa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng pag-isyu nito.

Hakbang 4. Simulan ang proseso ng paunang pag-apruba sa isang aprubado at kalahok na lender (tagapagpautang). Pagkatapos mong makumpleto ang mga Hakbang 1-3, padadalhan ka namin ng kalahok na Listahan ng mga inaprubahang lender.

- Makipag-usap sa ilang lender at pagpasyahan kung kaninong lender ka makikipagtulungan sa simula ng proseso ng paunang pag-apruba.

Hakbang 5. Sa oras na matanggap ang Pre-approval Letter (Liham ng Paunang Pag-apruba) ng lender, i-email ito sa homebuyer@housingtrustsv.org upang magtakda ng appointment para sa Pre-purchase Review (Paunang Pag-aaral sa Pagbili) sa pamamagitan ng telepono sa aming Homebuyer Education Specialist.

Sa pagkumpleto ng iyong Pre-Purchase Review, maaari kang maging karapat-dapat sa pagsusumite ng iyong aplikasyon sa pagiging karapat-dapat at mga kinakailangang dokumento online sa Housing First. Bibigyan ka ng mga tagubilin sa kung paano at saan ligtas na maisusumite ang iyong aplikasyon sa pagiging karapat-dapat at mga kinakailangang dokumento.

Maligayang bati sa pagkumpleto ng limang mahahalagang hakbang na ito tungo sa iyong pagiging karapat-dapat para sa tulong sa down payment at pagmamay-ari ng tirahan.

Pag-aaralan ng tauhan ng Housing Trust ang iyong aplikasyon sa pagiging karapat-dapat at ang mga dokumento. Ang proseso upang mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat sa programa ay tinatayang 14 na araw (kung kailan bukas ang tanggapan) depende sa pagkakumpleto ng pakete ng aplikasyon sa pagiging karapat-dapat.

Kung napagpasyahan ng Housing Trust na karapat-dapat ang iyong sambahayan para sa programa, tatanggap ka ng liham na Eligibility Determination (Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat) (paunang pag-apruba) at ngayon ay handa ka nang bumili ng tirahan!

Tip: Sumali sa Homebuyers Interest List (Listahan ng Interes ng mga Bibili ng Tirahan) upang tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga update ng programa, kaganapan, at nalalapit na libreng webinar para sa bumibili ng tirahan. Bumisita sa https://housingtrustsv.org/programs/homebuyer-assistance/.

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

Pahayag ng Pagtatatuwa
Ito ay hindi isang pangakong magpautang. Ang mga patnubay at pinakamaliliit na iniaatas ay napapailalim sa pagbabagong walang abiso. Napapailalim sa pag-aaral ng kredito at/o kolateral; hindi lahat ng aplikante ay magiging kuwalipikadong mapinansyahan. Pantay-pantay na Oportunidad sa Pabahay. Ang Housing Trust ay ang Pangkomunidad na Lender (Tagapagpautang) ng California na lisensyado ng Department of Business Oversight (Kagawaran ng Pangangasiwa sa Negosyo). CFL Lisensya ng Tagapagpautang #6053356 ng Estado ng California. NMLS Lisensya #287840.